
Balitang Manmin

BILANG 179 MAYO 7, 2017

# Kasabay ng Pagdiriwang ng Ika-30 Anibersaryo ng Ministeryo ng Paglalathala ng Libro, Inilabas ang Ika-108 Libro ni Dr. Jaerock Lee na may Titulong *Tears (Mga Luha)*




Noong Abril 17, 1987, inilathala ang kauna-unahang libro ni Dr. Jaerock Lee, ang patotoo at paggunita sa buhay niyang *Paglasap ng Buhay na Walang Hanggan Bago Ang Kamatayan*. Sinundan ito ng *Ang Mensahe ng Krus, Langit* at *Impierno*. Sa kasalukuyan, mahigit sa 100 libro na ang nailathala. Bukod dito, naisalin at naipamahagi na ito sa 427 edisyon at 61 wika. Malaking tulong ang mga librong ito para sa pagtuturo ng daan patungo sa kaligtasan ng mga kaluluwa.

Nagdusa sa napakaraming karamdaman sa loob ng pitong taon si Dr. Jaerock Lee, ang pastor na kilala sa buong mundo dahil sa kapangyarihan niyang gisingin at pasiglahin ang mga natutulog na kaluluwa. Nang makatagpo niya ang buhay na Diyos, gumaling ang lahat ng sakit niya. Dahil hinirang siya ng Diyos para magpastor, nag-ayuno at nanalangin siya para maging isang makapangyarihang pastor. Bilang sagot sa maalab na panalangin niya, hindi lang interpretasyon ng Biblia ang ibinigay sa kanya, ipinaalam din ng Diyos ang malalim at masidhing kalooban Niya dito. Nasa librong *Professions* ang kalooban at pag-ibig sa pagitan ng Diyos at mga ama ng pananampalataya, at sa pagitan ng Panginoon at mga alagad Niya.

Tatlumpung taon na ang nakaraan mula noong ilathala ang kauna-unahang libro niyang tungkol sa patotoo niya. Bilang pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo, inilathala ni Dr. Lee ang librong *Mga Luha*. Nasa librong ito ang damdamin ng Diyos sa pangangalaga ng sangkatauhan, at ang mga patotoo ng mga nakatanto ng pagluha ng Panginoon at ng pastol.

Ang unang bahagi ay may titulong "Hanggang Mapalitan ng Kagalakan ang mga Luha." Isa sa mga paksang tinalakay dito ay ang tungkol sa inasahan ng Diyos sa pangangalaga Niya ng sangkatauhan nang simulan Niya ito; ang malungkot na paotoo Niya habang isinasagawa ang proseso ng pangangalaga; at ang mga patotoo ng mga arkanghel sa kalangitan at ang mga ama ng pananampalataya na nakamit ang mabuti at kagiliw-giliw na puso.

Kahit magdusa pa Siya habang dumadaan sa prosesong ito, hindi sumuko ang Diyos ng pag-ibig sa plano Niyang magkaroon ng mga tunay na anak na pwede Niyang bigyan ng walang hanggang pag-ibig. Dahil dito, nagkaroon Siya ng mga kagiliw-giliw na mga tunay na anak tulad nina Enoch, Abraham, Jose, Moises, Samuel, David, at Elias na nabuhay noong panahon ng Lumang Tipan.

Ang pangalawang bahagi ay may titulong, "Ang Pag-ibig na Walang Makapaghihiwalay." Mababasa dito ang tungkol sa pag-ibig ni Jesus na dumating dito sa mundo para tuparin ang tungkulin Niya bilang Tagapagligtas ng mga kaluluwa. Inihayag din Niya dito ang pag-ibig Niya na umaliw sa Diyos Ama habang umaakyat Siya sa Golgota na nakapasan ang krus sa balikat. Mababasa rin dito ang malungkot na pahayag ng mga alagad Niya na nagnais na makita Siyang muli hanggang sa katapusan ng buhay nila, sila ay walang takot sa kamatayan.

Ang pangatlong bahagi ay "Magiging Mamahaling Bato ang mga Luha, Lilipad ang mga Ito." Nakasulat dito ang maalab na kalooban ng pastol na nagnanais na dalhin ang maraming kaluluwa sa kaligtasan dahil patungo sila sa Impiyerno. Hindi Siya nag-alala dito kahit malagay ang buhay niya sa panganib. Kasama rin dito ang malungkot na pahayag niya tungkol sa maalab na pagmamahal niya para sa Diyos.

Ang titulo ng pang-apat na bahagi ay "Ang mga Luha ay Bunga ng Kaluwalhatian", ipinapakita dito ang proseso na dinadaanan ng mga kaluluwa na patungo sa kamatayan pero nabigyan ng pagkakataong maligtas dahil sa tulong ng pastol. Narito rin ang kanilang paglalakbay habang lumalaban para sapilitang makamit ang Bagong Jerusalem. Naghandog ng magagandang pahayag ng pagpapasalamat ang mga mananampalataya sa Diyos na tumuon sa pagtulong sa kanila para maging parang mga nagniningning na hiyas ang mga kaluluwa nila.

Aantig sa damdamin ng mga magbabasa ng libro ang 140 patotoo, pupunuin nito ang mga puso nila ng Banal na Espiritu, parang makakarinig sila ng malinaw at purong tunog na hindi batid kung saan nagmumula.

Ang pagbebenta sa pamamagitan ng suskripsyon sa librong *Mga Luha* ay nagsimula noong Marso 29. Noong araw ding iyon, nanguna ito sa listahan ng mga librong pinakatinatangkilik sa mga librong tungkol sa relihiyon sa internet. Sa ikalawang araw, nanguna ito sa pang-arawaraw at lingguhang posisyon. Hanapin ninyo ang titulong *Mga Luha* sa website ng Kyobo Book Center at dito na ninyo bilhin. Mula Abril 17, nasa mga tindahan na ito ng libro sa buong bansa at magkakaroon na ng e-book sa internet.




Ang Nakakapukaw ng Espiritung 100 Tula ni Dr. Jaerock Lee

*Professions (Mga Pahayag)*

Pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon at ang makabagbag damdaming pahayag para sa mga kaluluwa



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ang Maliligtas ay ang mga Ipinanganak ng Tubig at ng Espiritu

"Sumagot sa kanya si Jesus, 'Katotohanang sinasabi Ko sa iyo, malibang ang isang tao'y ipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.'"
(Juan 3:3)

•••

Kahit marami ang nagpapahayag na tinanggap nila si Jesu-Cristo at nanampalataya sila sa Diyos, wala pa rin silang katiyakan sa kanilang kaligtasan. Sa pamamagitan ng pag-uusap ni Jesus at ni Nicodemo, pag-aaralan natin sa isyung ito ng Balitang Manmin ang kahalagahan ng "ipapanganak ng tubig at ng Banal na Espiritu" at ang daan patungo sa perpektong kaligtasan.

### 1. Espirituwal na Pag-uusap ni Jesus at Nicodemo

Si Nicodemo ay isang pinunong Judio, isang guro, at isa sa mga Fariseo na maraming nalalaman tungkol sa Kautusan.

Noong panahon ni Jesus, ang mga Fariseo ay mga "banal" pero sa panlabas lang; hindi nila sinusunod ang Kautusan, wala ito sa puso nila. Hindi sila naniniwala sa mga itinuturo ni Jesus, sila pa ang nagsimula ng pagkilos para patayin ito. Pero si Nicodemo ay iba sa kanila, hindi siya katulad ng mga Fariseo, uhaw siya para sa katotohanan. Dahil tunay ang pagtitiwala niya, pinuntahan niya si Jesus isang gabi.

Sinabi ni Nicodemo kay Jesus, "Rabi, nalalaman namin na Ikaw ay isang guro na mula sa Diyos; sapagkat walang makakagawa ng mga tanda na iyong ginagawa, malibang kasama niya ang Diyos." Dahil nadama ni Jesus na taos-puso ang pagkauhaw ni Nicodemo, sumagot Siya, "Katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Malibang ang isang tao'y ipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos." Nagbahagi Siya ng espirituwal na kaalaman kay Nicodemo.

Hindi naintindihan ni Nicodemo kung paano ipapanganak muli ang isang taong malaki na. Ipinapaalala sa atin ng 1 Mga Taga-Corinto 4:20, mauunawaan lang ng tao ang mga espirituwal na bagay kapag tinanggap niya ang kapangyarihan mula sa Diyos sa tulong ng Banal na Espiritu. Dahil hindi naintindihan ni Nicodemo ang espirituwal na itinuturo ni Jesus, nagtanong siya, "Paanong maipapanganak ang isang tao kung siya'y matanda na? Makakapasok ba siyang muli sa tiyan ng kanyang ina, at ipapanganak?"

Sumagot si Jesus, "Katotohanang sinasabi ko sa iyo, malibang ang isang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos. Ang ipinanganak ng laman ay laman at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu. Huwag kang magtaka na aking sinabi sa iyo, 'Kailangang kayo'y ipanganak na muli.'" Para makapasok ang isang tao sa Langit, ang espiritu na hindi natin nakikita, ay dapat ipanganak muli.

Nilikha bilang isang buhay na nilalang si Adan, ang ninuno ng sangkatauhan. Pero dahil nagkasala siya, namatay ang espiritu niya. Magmula noon, lahat ng inapo niya ay ipinapanganak na may patay na espiritu. Dahil makalaman sila, hindi sila makakapasok sa Langit.

Para hindi mangyari ito – at maiwasang mapunta sa Impiyerno – dapat ipanganak ng tubig at ng Banal na Espiritu. Dahil dito, sinabi ni Jesus kay Nicodemo, "Humihihip ang hangin kung saan nito ibig, at naririnig mo ang ugong nito, ngunit hindi mo nalalaman kung saan ito nanggagaling at kung saan ito tutungo; ganoon ang bawat isang ipinapanganak ng Espiritu." Tulad ng hangin na hindi nakikita at hindi masasabi kung saang direksyon hihihip, sa pamamagitan lang ng kapangyarihan ng Diyos at ng Banal na Espiritu natin mauunawaan at mararanasan ang tungkol sa mundong espirituwal.

Pagkatapos ng pagkikita nina Jesus at Nicodemo, ipinagtatanggol na ni Nicodemo si Jesus kapag pinipintasan ito ng mga Fariseo (Juan 7:50-51), nang mamatay sa krus si Jesus, lumapit siya na may dalang 'pinaghalong mira at aloe, halos isandaang libra ang timbang' (Juan 19:39). Masasabi nating naligtas si Nicodemo dahil sa ipinakita niya.

### 2. Espirituwal na Kahulugan ng "Ipanganak ng Tubig"

Mababasa sa Juan 4:14, "Subalit ang sinumang umiinom ng tubig na Aking ibibigay ay hindi na mauuhaw magpakailanman; ang tubig na Aking ibibigay sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig tungo sa buhay na walang hanggan." Ang binabanggit na "tubig" dito ay ang "bukal ng tubig para sa walang hanggang buhay" na ibibigay ni Jesus.

Ano ang "bukal ng tubig tungo sa buhay na walang hanggan," na ibibigay sa atin ni Jesus? Batid natin na malibang kainin natin ang laman at inumin ang dugo ng Anak ng Tao, wala tayong buhay (Juan 6:53).

Sinasabi ng Juan 6:54, "Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking dugo ay may buhay na walang hanggan, at siya'y muli kong bubuhayin sa huling araw." Ang kahulugan ng kainin ang laman at inumin ang dugo ng Anak ng tao ay sundin at isabuhay ang Salita ng Diyos. Ito ang tubig na magbibigay ng walang hanggang buhay.

Kung nakakalinis at nagbibigay ng buhay ang tubig sa lahat ng bagay na may buhay, sa espirituwal na diwa, ang "tubig" na siyang Salita ng Diyos – ay naglilinis ng kasalanan at kasamaan mula sa puso natin para tulungan tayong magkaroon ng walang hanggang buhay. Kapag nasa puso natin ang Salita ng Diyos, maiwawaksi natin ang inggit, selos, galit, init ng ulo, ipapangank tayong muli, at maliligtas tayo (1 Pedro 3:21). Kaya kapag susundin at isasabuhay natin ang Salita ng Diyos, na maglilinis ng mga kasalanan natin, unti-unti tayong magiging banal at matuwid, magiging patunay ito na ligtas tayo.

### 3. Espirituwal na Kahulugan ng "Ipanganak na Muli ng Banal na Espiritu"

Ibinigay ng Diyos ang Banal na Espiritu sa mga anak Niyang ligtas (Juan 15:26; Ang Mga Gawa 2:38). Tumutulong sa kanila ang Banal na Espiritu para magkaroon sila ng pananampalataya at binubuhay nito ang mga espiritu nilang patay.

Ipinapaalala sa atin ng 1 Juan 5:5-8, "Sino ang dumadaig sa sanlibutan, kundi ang sumasampalatayang si Jesus ang Anak ng Diyos? Ito ang Siyang naparito sa pamamagitan ng tubig at ng dugo, si Jesu-Cristo; hindi sa tubig lamang, kundi sa tubig at sa dugo. At ang Espiritu ang nagpapatotoo, sapagkat ang Espiritu ay katotohanan. Sapagkat may tatlong nagpapatotoo: ang Espiritu, ang tubig, at ang dugo; at ang tatlo ay nagkakaisa."

Ang mga katagang "Siyang naparito sa pamamagitan ng tubig at ng dugo" ay nangangahulugang pagdanak ng dugo at kamatayan ni Jesus. Ang Salita na naging laman. Dahil si Jesus ay namatay sa krus, nagkaroon tayo ng kaligtasan dahil sa dugo Niya. Kaya si Jesu-Cristo ang tinutukoy na "Siyang naparito sa pamamagitan ng tubig at ng dugo", at ang Banal na Espiritu na ibinigay Niya sa atin nang umakyat Siya sa Langit ang tumutulong sa atin na manampalataya sa katotohanang ito.

Sinasabi sa atin ng Biblia na ang sinumang magtiwala na si Jesus ay Anak ng Diyos ay "magtatagumpay sa mundo", ibig sabihin, hindi tayo mababahiran ng kasinungalingan at kasamaan dahil lalabanan natin ang mga pagnanasa ng mundong ito. Hindi lang tayo tutulungan ng Banal na Espiritu na magtiwala nang buong katiyakan sa Panginoon. Bibigyan din Niya tayo ng lakas para mapagtagumpayan ang mundo at ang mga gawain dito sa pamamagitan ng paghatol sa mundo tungkol sa kasalanan, katuwiran at kaparusahan.

Sa sandaling matanto natin ang likas ng kasalanan, maunawaan ang kahalagahan ng katuwiran, at maniwala sa magaganap na Paghuhukom, mapipilitan tayong mabuhay ayon sa nais ng Banal na Espiritu. Mababago at mapupuno natin ng katotohanan ang mga puso natin sa pagwawaksi natin ng mga kasalanan at iba pang kasamaan mula sa puso natin bawat araw.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, makakapasok kayo sa kaharian ng Langit kung ipapanganak kayo ng tubig at ng Espiritu, at ipapanganak ng Espiritu ang espiritung nasa inyo.


## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee    Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Pag-ibig na Dapat Nating Isapuso

Those who realize and engrave the great love of God in heart can have assurance in any situation and give thanks in everything. We can be guided to the best way in the good will of God when we admit that the God of love is leading us (Proverbs 3:6). Pag-aralan natin ang klase ng pag-ibig na dapat nating isapuso bilang mga tinubos ng mahalagang dugo ng Panginoon.

## "Dahil sa Pag-ibig Ibinigay ng Diyos ang Tanging Anak Niya"

Sinasabi ng Juan 3:16, "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang Tanging Anak, upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan," Naaawa ang Diyos sa sangkatauhan na nagkasala at lumabag sa kautusan dahil patungo sila sa kamatayan, kaya ibinigay Niya ang tanging Anak Niya.

Ayon sa 1 Juan 4:9-10, "Dito nahayag ang pag-ibig ng Diyos sa atin, sapagkat sinugo ng Diyos ang Kanyang bugtong na Anak sa sanlibutan upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan Niya. Narito ang pag-ibig, hindi sa tayo'y umiibig sa Diyos, kundi Siya ang umibig sa atin, at sinugo ang Kanyang Anak na pantubos sa ating mga kasalanan." Kahit mga makasalanan pa tayo, ipinakita ng Diyos ang pagmamahal Niya sa atin, ibinigay Niya ang Anak Niyang si Jesus para mamatay para sa atin (Mga Taga-Roma 5:8).

Dahil ipinadala Niya ang tanging Anak Niya sa mundo at ginawang sakripisyong pambayad, tinubos Niya tayo mula sa lahat ng kasalanan natin, binuksan Niya ang daan patungo sa kaligtasan. Pero hindi Niya nakayang panoorin ang bugtong na Anak Niya habang pinagtatawanan at pinapako sa krus ng mga makasalanan, kaya tinalikdan Niya ito. Umiyak Siya, labis Niyang ikinalungkot ang pagpanaw ni Jesus sa krus, nagdilim ang araw, at umuga ang lupa, nahati ang mga batong malalaki. Binigyan tayo ng Diyos ng buhay kahit labis ang kalungkutan Niya, pumayag Siya na tawagin natin Siyang Ama.

Kaya, huwag sanang kalimutan ng mga mananampalatayang naligtas ang pag-ibig ng Diyos na walang pasubaling ibinigay ang tanging Anak Niya. Itanim nila ang pagmamahal Niya sa puso nila. Pagsikapan nilang maging mga tunay na Anak Niya na magbabahagi ng pagmamahal sa Kanya magpakailanman man.

## "Dahil sa Pag-ibig Niya, Ibinigay ng Panginoon ang Buhay Niya para sa Akin"

Kung hindi sinunod ni Jesus ang kalooban ng Diyos hindi mabubuksan ang daan patungo sa kaligtasan kahit nais ng Diyos na mailigtas ang mundo. Pero batid ni Jesus ang dakilang pagmamahal ng Diyos sa sangkatauhan. Nais Niyang ipasan ang lahat ng kasalanan ng mundo at maging pambayad. Siya ang nagdusa para sa atin.

Pwede Niyang lipulin agad ang mga taong nilalang Niya nang Siya ay duraan, latiguhin, hubaran ng damit, at ipako sa krus ng mga ito. Pwede Siyang magpaulan ng apoy mula sa langit at tawagin ang hukbong makalangit para wasakin ang ang ito. Pero tinanggap niya ang pagdurusa at ang kaawa-awang pagpapapako sa krus para tuparin ang kalooban ng Diyos para sa kaligtasan ng sangkatauhan.

Ipinanganak Siya sa kulungan ng mga hayop, para ang sangkatauhan na parang mga hayop, ay maibalik ang nawalang anyo ng Diyos at matupad ang tungkulin bilang isang tao (Eclesiastes 3:18; 12:13-14). Bukod dito, dumaan Siya sa kahirapan para tubusin tayo mula sa hirap at gawin tayong mayaman (2 Mga Taga-Corinto 8:9).

Umiral Siya sa anyo ng Diyos (Filipos 2:6), pero ipinako Siya at winasak dahil sa kasamaan at kasalanan natin. Inako Niya ang kaparusahan, nilatigo, at nagdanak ng dugo para makaroon tayo ng kapayapaan at makalaya tayo mula sa lahat ng karamdaman (Isaias 53:5-6; Mateo 8:17; 1 Pedro 2:24). Sa pagsusuot Niya ng koronang tinik, tinubos Niya tayo mula sa mga kasalanang nasa isipan natin, ginawa Niya tayong karapat-dapat magsuot ng koronang makalangit.

Dapat isapuso at alalahanin ng mga niligtas ni Jesu-Cristo ang mukha Niyang duguan at ang mga mata Niyang puno ng pag-ibig sa mga kaluluwa. Pasalamatan nawa nila ang lahat ng bagay.

## "Buong Pagmamahal na Inihahanda ng Diyos ang Tirahan sa Langit para sa Akin"

Hindi lang tayo iniligtas ng Diyos ng pag-ibig, inihahanda din Niya ang maluwalhating tirahan sa langit. Dapat nating pasalamatan ang bagay na ito. Tatanggap ng tahanan sa langit at mga gantimpala ayon sa kanilang ginawa ang mga naniniwala sa pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon, at ang mga nanatili sa katotohanan.

Ang mahalaga ay lumakad tayo sa Liwanag (1 Juan 1:7), linisin ang lahat ng kasalanan sa kapangyarihan ng dugo ng Panginoon. Ang ibig sabihin nito ay sundin natin ang Salita habang pinag-aaralan natin ito, baguhin natin ang puso natin. Iwaksi natin ang galit, kayabangan, galit, at punuin natin ang puso natin ng pagmamahal, pagpapakumbaba, at kagandahang-loob na nagmumula sa katotohanan.

Pagkatapos tanggapin ng isang tao ang Panginoon, iwaksi dapat niya ang kasamaan at punuin dapat niya ang puso niya ng kabutihan at pag-ibig para tawagin siyang matuwid (Santiago 2:17; 26). Tatanggapin natin ang kasagutan sa anumang bagay na hilingin natin kung mabubuhay tayo ayon sa katotohanan at pananampalataya. Sasagana ang kaluluwa natin at magiging mabuti ang lahat para sa atin, pati ang ating kalusugan (3 Juan 1:2).

Sinasabi ng Juan 14:2, "Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan. Kung hindi gayon, sasabihin Ko ba sa inyo na Ako'y paparoon upang ihanda Ko ang lugar para sa inyo?" Ang Panginoon na muling nabuhay at umakyat sa Langit ay naghahanda ng mga tirahan sa Langit para sa mga mananampalataya na nanahan sa katotohanan at umaasa sa pagdating ng araw na makikibahagi sa pag-ibig ng Diyos. Kung natanto nila ang pag-ibig ng Diyos, hindi na sila maghahangad o makikipagkasundo sa mundo, hindi na sila magkakasala, dahil sa pagtitiwala nila sa kaluwalhatian ng Langit.

Kaya, ibigin natin ang Diyos nang buong puso, isipan, katapatan, at buhay para makapasok tayo sa pinakamaluwalhating tirahan ng langit, ang Bagong Jerusalem, at makibahagi sa pag-ibig ng Diyos magpakailanman.



# “Bilang Miyembro ng Sining ng Pagtatanghal ng Manmin, Masigasig ang Pagsulong Ko Para sa Kaluwalhatian ng Diyos”

Diakono Jeongwoo Yu, 31 taong gulang, Misyon para sa Kabataan, Manmin Central Church

Miyembro ako ng isang pamilyang tumutugtog ng tradisyunal na musikang Koreano. Noong nasa ika-12 baitang ako sa National Traditional Arts High School, isinama ako sa Papuri at Pagsamba tuwing araw ng Sabado sa Manmin. Nagkaroon ako ng pananampalataya sa Diyos habang nagpupuri. Nagsimula akong dumalo sa Manmin Central Church, nakasama ako sa pagtatanghal ng Serem Korean Traditional Music Team. Pero, noong taong 2006, nang pumasok ako sa Korean Traditional String Instrument Department ng Chung Ang University, nasiyahan ako sa kamunduhan kasama ang mga kaibigan ko. Linggo lang ako nagpupunta sa iglesya.

Pagkatapos ng pagsasanay bilang sundalo, bumalik ako sa eskwelahan. Nagkaroon ako ng maraming pagtugtog at nagkaroon ng maraming kaibigan. Maraming araw at oras ang ginugugol ko sa pag-inom ng alak at pagistambay. Nag-isip ako ng dahilan para masabi kong nasisiyahan ako sa pagtugtog, pero sa puso ko, iniisip ko na hindi ako maliligtas nang sabihin ng Punong Pastor habang lumuluha na magbalik-loob ako at iwaksi ang mga kasalanan.

Bago matapos ang taong 2011, bago maganap ang pagtatapos ko sa pag-aaral, nagdesisyon ako na isaayos ang buhay ko bilang mananampalataya. Inihinto ko ang paglalasing, paninigarilyo, at mga pakikipagrelasyon sa mga babae. Hindi ako marunong manalangin pero dumalo ako gabi-gabi sa pulong panalanging Daniel, hiniling ko sa Diyos na maawa Siya sa akin. Sa ikatlong Lunes ng buwan ng Disyembre, pinagkalooban ako ng pagpapalang makapagsisi. Napaiyak ako at sinipon dahil sa pagsisisi. Natanto ko na pinatawad na ako, malaki ang pasasalamat ko.

Pagkatapos, nagbago ang buhay ko, nagsikap akong magbago. Kapag nagkakamali ako at natatalisod, agad akong nagsisisi. Naghahandog ako ng espesyal na pagtatanghal kasama ng Serem Korean Traditional Music Team para bayaran ang pagpapala.

Pagkatapos ng pagtatapos noong taong 2014, nagpatuloy ako sa pagtatanghal, pumasok ako sa graduate school of education. Hindi ito madali para sa akin dahil musika lang ang pinag-aralan ko pero nagsikap ako sa pagtulong para sa kaharian ng Diyos sa darating na mga araw. Sa loob ng dalawang taon, bilang presidente ng asosyasyon ng mga estudyante, nagsikap akong maglingkod sa mga kaibigan at mga estudyante na kabilang sa Music Education Department.

Noong Hulyo 29, 2016, bago ganapin ang pagtatapos, nabalitaan ko na naghahanap ng magtuturo sa mga estudyante sa pagtugtog ng flute ang National Traditional Arts High School. Wala akong balak na magturo, pero inisip ko na para sa akin ang posisyong ito. Bihirang pagkakataon ito dahil 23 taon na silang hindi kumukuha ng magtuturo.

Nilayuan ko ang kamunduhan at inihinto ko ang lahat ng pagtatanghal. Pinaghandaan ko ang pagsusulit. Nanalangin ako gabi-gabi sa iglesya. Pinaghandaan ko ang pagtugtog sa pagsusulit sa pagsasanay hanggang ika – 4:00 ng umaga. Sumakit na ang mga labi ko sa kakaensayo, dumugo na ito. Inisip ko na matutuwa ng Punong Pastor kung makakamit ko ang inaasam ko.

Noong Enero 20, 2017, inanunsyo na ang mga titulo ng mga kantang dapat paghandaan sa pagsusulit. Mayroong dalawang pagsusulit, ang mga aplikante ay dapat magkaroon ng lisensyang second class ng isang guro para sa secondary school at ang ika-3 antas ng pagsusulit tungkol sa kasaysayan ng Korea. Mayroon na ako ng mga nabanggit. Kung iisipin, lahat ng ito ay plano ng Diyos. Nang magtapos ako, nagbukas ang posisyon para sa magtuturo ng flute. Kung nahuli ako sa pagpasok sa semester o kung hindi ako gumawa ng thesis sa tamang panahon, at nahuli sa pagtatapos, hindi ako bibigyan ng pagkakataon sa pagsusulit.

Noong Enero 27, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor para sa pagsusulit nang puntahan ko siya sa tahanan niya noong Lunar New Year Holiday. Noong Pebrero 11, dumaan ako sa dalawang pagsusulit – ang isa ay talas ng pag-iisip at ang isa ay pagtugtog. Noong Pebrero 14, binigyan ako ang pangalawang pagsusulit, ito ay paggawa ng lesson plan, teaching simulation, at panayam.

Dahil sinamahan ako ng Diyos, kumportable lang ang pakiramdam ko, parang nagsasaya lang ako sa bahay ko. Pagkatapos ng dalawang araw, nakatanggap ako ng text mula sa eskwelahan para sabihing nakapasa ako, nakuha ko ang posisyong pinapasukan ko. Lumuhod ako sa harapan ng Diyos at nanalangin at nagpasalamat.

Nag-iisa akong guro ng flute sa buong National Traditional Art Middle at High School. Ako rin ang pinakabatang guro na nagtuturo nito. Tinanggap ko rin ang kwalipikasyon bilang civil servant na kabilang sa Ministry of Culture, Sports, at Tourism. Masaya ang pagbati sa akin ng mga dalubhasa sa sining, mga manganganta, mga propesor ko, mga kaibigan, pamilya, at kamag-anak.

Nagpapasalamat ako sa Diyos na nagbigay sa akin ng malaking pagpapala at nagligtas sa akin na nakatakdang mamatay. Binigyan Niya ako ng pag-asa para sa Bagong Jerusalem. Hallelujah!



Ang grupo ng Serem Korean Traditional Music, naghahandog ng espesyal na pagtatanghal

## “Masaya Ako, Natanto Ko Kung Gaano Ako Kahalaga”



Kapatid na Jintra Sei,
20 taong gulang,
Chiang Rai Manmin Church, Thailand

Bumabarkada ako sa mga kaibigan ko pero hindi ako masaya. Iniisip ko kung bakit ako ipinanganak, bakit ako nabubhay, at kung mayroon ba talagang tunay na pagmamahal.

Noong Abril 2016, isinama ako ni Diakono Achramon sa Chiang Rai Manmin Church. Nadama ko ang mainit na pagmamahal mula sa mga miyembro ng iglesya. Natanto ko ang layunin ng buhay ko habang pinapakinggan ang sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa GCN. Dahil dito, nagkaroon ako ng pag-asa sa pagsulong ng buhay ayon sa kalooban ng Diyos. Sinunod ko ang Araw ng Panginoon at nanalangin ako sa pulong panalanging Daniel gabi-gabi. Nakapagsalita ako ng ibang wika at napuspos ako ng Banal na Espiritu. Nasisiyahan ako sa pananalangin. Noong Agosto, gumaling ang sakit ko sa tiyan, hindi ito gumagaling dati. At noong Setyembre, nawala din ang pananakit ng ulo ko.

Masayang-masaya ako sa buhay ko bilang isang Cristiano. Habang nananalangin ako ng maalab, natanto ko kung gaano ako kasama, pinagsisihan ko na hindi ko inintindi at hinatulan ko ang ibang tao. Naging makasarili ako. Habang nananalangin ako, unti-unting natanggal ang masasamang katangian ko. Sinama ko ang mga kaibigan at katrabaho ko sa iglesya, masaya kami sa pagsulong ng buhay ng nananampalataya.

Nagpapasalamat ako sa Diyos at sa Panginoon na nagpakilala sa akin sa tunay na pastol, na tumulong sa akin na matanto na mayroon akong halaga, at tumulong sa akin na makamit ang tunay na kaligayahan. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastol na nag-aalaga sa akin sa pamamagitan ng Salita ng Buhay. Taos-puso din ang pasasalamat ko kay Pastor Jaewon Lee na nagpapastor sa iglesya ko, at sa pamilya niya sa katapatan nila sa mga miyembro ng iglesya.

Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

Manila Manmin Holiness Church
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

Bataan Manmin Holiness Church
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

Isabela Manmin Holiness Church
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

Cavite Manmin Holiness Church
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

Imus Manmin Holiness Church
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

Cebu Manmin Holiness Church
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

Davao Manmin Holiness Church
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714